FLAVIANO P. SATSATIN
VIVIEN L. LUJERO
TEODORO G. GREPO
BAYANI B. PARIN
ARMANDO D. MAGSINO
HERNANDO M. GRANADOS
CARMELITO B. NOCON
ARTURO P. TACOS
AMELIA P. MADRONA

KAPASIYAHAN BLG. 44-99

Sa mungkahi ni Kag. Amelia P. Madrona na pinangalawahan ng lahat na,

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang ordenansa na nagtatakda ng paglalagay ng palikuran at basurahan sa lahat ng pagawaing-panggusali at sa mga pagtitipon ng mga tao at pagpapataw ng kaparusahan sa paglabag sa ordenansang ito, na makikilala bilang Kautusang Pambayan Blg. 2-99, na mababasa gaya ng mga sumusunod:

KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2-99

ISANG ORDENANSA NA NAGTATAKDA NG PAGLALAGAY NG PALIKURAN (PORTABLE TOILET) AT BASURAHAN SA LAHAT NG PAGAWAING-PANGGUSALI AT SA MGA PAGTITIPON NG MGA TAO AT PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA ORDENANSANG ITO.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite:

Seksiyon 1. PAGPAPATUPAD NG MGA PATAKARAN, LAWAK AT SAKOP

Sapagkat isang patakaran ng Munisipalidad ng Heneral Trias ang pagtatakda ng pagpapatayo o paglalagay ng palikuran (portable toilet) at paglalagay ng mga basurahan sa mga pagawaing panggusali, proyektong pangkalsada o daanan maging ito ay pantirahan o komersyal, pribado o pampubliko, at mga kaugnay na pagawain, at sa paghahatid ng mga palabas pang-aliwan katulad ng sirkus, karnabal, eksibit, kumbensiyon, kapistahan, palarong pampalakasan, palaruan, kapulungang pangsambahan at mga kaugnay na gawain, himpilan ng bus, dyip at traysikel, lugar pamilihan, lugar tigilan ng sasakyan at sa pangkalahatang lugar na walang sistema ng arkantarilya.

Seksiyon 2. PAMAMAHALA AT PAGPAPATUPAD

Saklaw ng ordinansang ito ang lahat ng may kinalamang tanggapan gayundin ang Tanggapan ng Pangkalusugan, Tagapamuno ng Barangay, Bantay Bayan, Parks and Plaza Personnel at mga kinikilalang NGO's.

Seksiyon 3. Kaugnay nito, itinatakda ang pagtatayo o paglalagay ng pansamantalang palikuran (portable toilet) at basurahan sa lahat ng pagawain at lugar na pagtatayuan o pagdarausan ng mga palabas pang-aliwan at mga katulad na gawain na nasaad sa Seksyon 1, maging ang mga nabanggit ay nasa pribadong lote, pampubliko o pribadong lugar.

Seksiyon 4. Upang mapanatili ang kaayusan sa mga nabanggit na lugar, nararapat lamang na magpatayo o maglagay ng bukod na pansamantalang palikuran (portable toilet) kasama na ang maayos na pagtatapon ng dumi nito, para sa lalaki at babae, gayundin ang maayos na pagtatapon ng basura ay nararapat at naaayon sa pamantayan na pinahihintulutan ng General Trias Rural Health Unit.

Seksiyon 5. Walang permisong makapagpapahintulot upang maisakatuparan ang mga nabanggit na gawain ang ipalalabas kung walang "proof of compliance" sa mga Seksiyon 3 at 4 ng ordinansang ito na pinatutunayan ng Rural Health Unit Officer.

Seksiyon 6. KAPARUSAHAN

Ang sinomang lumabag sa ordinansang ito ay papatawan ng kaparusahang pagkabilanggo ng anim (6) na buwan o multa na,

nagkakahalaga ng Limang Libong Piso (₱5,000.00) o magkasamang multa at parusa ayon sa pasya ng Korte. Na, sa ikalawang pagkakataon na kumuha silang muli ng permiso, ang Tanggapan ng Punong Bayan ay may karapatan na kanselahin at di bigyan ng pahintulot dahil sa kanilang paglabag sa ordenansang ito. Sakaling ang ordinansang ito ay nalabag ng Partnership o Korporasyon, ang nakatataas na opisyal ang papatawan ng parusa.

Seksiyon 7. SUGNAY NA PAGPAPAWALANG-BISA O MGA SUSOG

Lahat ng umiiral na ordinansa o seksiyon mayroon ang mga ito na salungat at di-tuwirang naaayon sa ordinansang ito ay pinawawalang bisa o iminumungkahing i-angkop sa ordinansang ito.

Seksiyon 8. BISA

Ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

PINAGTIBAY. Hulyo 15, 1999.

FRANCISCO B. GREPO
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

AMELIA B. MADRONA
SB Member

CARMELITO B. NOCON
SB Member/
Majority Floor Leader

ARMANDO D. MAGSINO
SB Member

TEODORO G. GREPO
SB Member

FLAVIANO P. SATSATIN
SB Member

ARTURO P. TACOS
SB Member
Asst. Min. Flr. Leader

HERNANDO M. GRANADOS
SB Member/
Minority Floor Leader

BAYANI B. PARIN
SB Member/
ABC President

VIVIEN L. LUJERO
SB Member/
SKF President

ATTESTED:

EUGENIA G. SAN JOSE
SB Secretary

APPROVED: **August 3, 1999**

DENCIO P. CAMPAÑA
Municipal Mayor